

Field-Editing Manwal para sa
Household Profile Questionnaire
(VN: 10-2007-04)
CBMS Manual 2



June 2009

Inihanda ng
CBMS Network Coordinating Team

This work was carried out by the PEP-CBMS Network Coordinating Team with the financial support of the Government of Canada provided through the International Development Research Centre (IDRC) and the Canadian International Development Agency (CIDA)

***Field-Editing Manual para sa
Household Profile Questionnaire
(VN: 10-2007-04)
CBMS Manual 2***

Ano ang Field-Editing?

Tuwing matatapos ang pagsa-sarbey sa isang araw, ang tagakalap ng datos (community volunteer enumerator) ay dapat ibigay sa kanyang superbisor ang mga natapos na talatanungan. Ang superbisor ay kailangang i-edit ang mga natapos na talatanungan. Kailangan niyang siguruhin na lahat ng sambahayan ay nasarbey at lahat ng katuruan sa manwal ay nasunod.

Sa pamamagitan ng editing, ang mga pagkakamali habang nagkakalap ng impormasyon ay makikita at pwedeng ma-rebisa at maitama. Para sa mga talang hindi nagtutugma, na hindi pwedeng maitama batay sa mga sagot sa ibang bahagi ng talatanungan, komunsulta sa inyong superbisor. Kung ang problema ay malaki, importanteng ang tagakapanayam (community volunteer enumerator) ay bumalik sa sambahayan upang kapanayamin muli. Tandaan na **HINDI DAPAT** gumawa ng sariling sagot ang tagakapanayam o ang superbisor.

Pangkalahatang Instrukyon sa Field-Editing ng Household Profile Questionnaires:

- ✓ Palaging tingnan kung kumpleto ang mga pahina ng talatanungan
- ✓ Tingnan ang kanang bahagi sa itaas ng bawat pahina kung may nakasulat na numero ng ID
- ✓ Tingnan ang impormasyon na unang pahina ng talatanungan. Pansinin ang Seksyon IX (Puna/Pansin sa kalidad at tiwala sa nakuha impormasyon) kung mayroong mga nakasulat na dapat gawin sa talatanungan.
- ✓ Palaging kumunsulta sa manwal na ito para sa mga detalye. Ang manwal ay batayan ng pagkakarpareho-pareho ng konsepto, depinisyon at pamamaraan na dapat gawin.

Detalyadong Pamamaraan sa Field-Editing ng CBMS Household Profile Questionnaire:

Narito ang mga patnubay sa pagfield-edit ng mga iba't-ibang bahagi ng CBMS Household Profile Questionnaire:

A. Pagkakakilanlan

- I. Pagkakakilanlan ng Lokasyon - Tiyakin kung ang Probinsya, Lungsod/Bayan, Barangay, Purok/Sitio ay nakatala.
- II. Numerong Pagkakakilanlan ng Sambahayan - Tiyakin kung may tala. Tiyakin rin kung ang ID ay naitala sa bawat pahina ng talatanungan. Kung hindi, itala ang ID sa kanang bahagi sa itaas ng bawat pahina.
- III. Tirahan ng Sambahayan - Tiyakin kung ang tala ay kapareho nang tala sa Pagkakakilanlan ng Lokasyon.
- IV. Pangalan ng Nakapanayam - Tiyakin ang pangalan ng nakapanayam. Tiyakin na ang kanyang pangalan ay nakalista sa pangalan ng miyembro ng sambahayan na makikita sa ikalawa (Hanay 2) at ika-apat (Hanay 1C) na pahina ng talatanungan.
- V. Petsa ng Panayam - Tiyakin ang petsa ng panayam.
- VI. Oras Nagsimula - Tiyakin kung naitala ang oras na simula ng panayam.
- VII. Oras Natapos - Tiyakin kung naitala ang oras na natapos ng panayam.
- VIII. Pangalan ng Tagapanayam - Tiyakin ang buong pangalan ng tagapanayam.
- IX. Puna/pansin sa kalidad at tiwala sa nakuhang impormasyon - Basahin ang puna/pansin ng tagapanayam hinggil sa nakapanayam. Tingnan kung may problemang naengkwentro. Bigyan ng aksyon kung kinakailangan.

PAHINA 2

B. Demograpiya

Hanay 1A - Bilang ng miyembro ng sambahayan

Tiyakin kung ang bilang ng denumerong linya, na tumutukoy sa bilang ng miyembro ng sambahayan, ay may bilog. Ang pagitan ay "1" hanggang "10". Tiyakin din na ang tanong na "Higit ba sa sampu ang miyembro ng sambahayan?" ay may sagot na alinman sa **kodigo "1" (OO)** o **kodigo "2" (HINDI)**.

Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "1"** (higit sa sampu ang miyembro ng sambahayan), tiyakin na may isa pang talatanungan na tumutukoy sa rekord ng natitirang miyembro. Tiyakin na ang mga denumerong linya sa karagdagang talatanungan ay napalitan mula sa "1" hanggang "11", "2" hanggang "12" at tuloy-tuloy.

Hanay 2 -Pangalan ng bawat miyembro ng sambahayan

Basahing mabuti ang pangalan ng bawat miyembro ng sambahayan upang makita ang mga hindi totoo at paulit-ulit na pangalan. Ang pagkakasunod-sunod ng listahan ay dapat na:

- Puno ng sambahayan
- Asawa ng puno ng sambahayan
- Mga anak na walang asawa mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata
- Mga anak na may asawa at ang kanyang pamilya (anak na lalaki na may asawa o manugang na lalaki muna)
- Mga magulang, apo, kapatid, biyenang
- Ibang kamag-anak ng puno ng sambahayan o asawa ng puno ng sambahayan
- Mga katulong, kasama ang mga kamag-anak na nagtatrabaho bilang katulong
- Iba pang hindi kamag-anak, halimbawa boarders

Kung ang pagkakasunod-sunod ay hindi nagawa, halimbawa, ang puno ay hindi nakalista sa 01 na numerong linya, huwag nang baguhin ang nagawang listahan. Panatilihin ang orihinal na pagkakasunod-sunod.

Hanay 3 - Relasyon sa puno ng sambahayan

Ang mga dapat na sagot sa hanay na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "9"**, na tumutukoy sa relasyon sa puno ng sambahayan na makikita sa ibaba ng pahina 2 ng talatanungan. Ang unang miyembro ng sambahayan na nakalista ay ang puno ng sambahayan kaya ang **kodigo** sa unang numerong linya sa hanay 3 ay dapat **kodigo "1"**. Ang pagkakasunod-sunod na tala ay kapareho nang sa hanay 2. Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "7" (Ibang kamag-anak) o "9" (Iba pang hindi kamag-anak)**, tiyakin na may tala na tumutugma sa relasyon sa puno ng sambahayan na hindi kasama sa mga pagpipilian.

Hanay 4 - Kasarian

Ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa **kodigo "1" (Lalaki) o "2" (Babae)**. Kung walang tala, itakda ang kasarian batay sa pangalan ng miyembro ng sambahayan (Hanay 2) at sa relasyon sa puno ng sambahayan (Hanay 3). Kung hindi magagawa, magkonsulta sa iyong superbisor.

Hanay 5 - Petsa ng kapanganakan at edad

Ang tamang tala sa unang hanay ng Hanay 5 ay dapat sa pormang MM/DD/YYYY. Halimbawa, para sa isang miyembro na ipinanganak noong March 7, 1947, ang tamang tala ay 03/07/1947. Sa sunod na hanay sa Hanay 5, dapat nakatala ang karampatang edad ng bawat miyembro ng sambahayan. Para sa mga miyembro na wala pang isang taong gulang, ang tala ay may kasamang salitang "buwan" o "months" o "mo."

Tiyakin na may tala para sa bawat miyembro ng sambahayan. Batay sa petsa, maaring makuha ang edad at pansinin ang kaugnayan nito sa relasyon sa puno ng sambahayan (Hanay 3) kung ang mga sagot ay tumutugma. Halimbawa, hindi mangyayari na may sagot na edad ng bata ay 15 taong gulang at ang ama ay 20 taong gulang. Magkonsulta sa inyong superbisor sa anumang kahina-hinalang tala at itama ang mga ito kung kinakailangan.

Hanay 6 - Rehistro ng kapanganakan

Ang tama tala ay alinman sa **kodigo "1" (Oo)** o **"2" (Hindi)**.

Hanay 7 - Katayuang Sibil

Ang tamang sagot sa hanay na ito ay alinman sa kodigo "1" hanggang "6". Kung ang sagot ay kodigo "6", dapat naitala ang ibang uri ng katayuang sibil sa tabi nito. Lahat ng miyembro, bata man o matanda ay dapat may nakatalang sagot para sa hanay na ito. Tingnan rin kung mayroong kaduda-dudang sagot, halimbawa, ang edad ng miyembro ay 5 taong gulang at ang katayuang sibil ay "2" (legally married).

Kung walang talang sagot, itakda ang sagot ng katayuang sibil batay sa relayson sa puno ng sambahayan. (Hanay 3).

Hanay 8 - Relihiyon

Ang mga kodigo "1" hanggang "7" ang dapat na makikitang sagot sa hanay na ito. Ang sagot na kodigo "6" ay dapat may katalang relihiyon na iba sa mga nakatala sa kodigo "1" hanggang "5".

Hanay 9 - Katutubong lahi

Ang tama tala ay alinman sa **kodigo "1" (Oo)** o **"2" (Hindi)**.

Hanay 10 - Uri ng Katutubong lahi

Kung ang sagot sa hanay 9 ay kodigo "1" (Oo), dapat ay may tala sa hanay 10. Ang tamang sagot ay mula kodigo "1" hanggang "24" at "26" hanggang "111" na mga iba't-ibang uri ng katutubong lahi. Tingnan ang Annex A para sa listahan ng mga uri ng katutubong lahi.

Kung ang sagot sa hanay 9 ay kodigo "2" (Hindi), ang dapat nakatala ay (—).

C. Pandarayuhan

Hanay 11 - Bilang ng taon ng paninirahan sa barangay

Tiyakin kung ang nakatalang sagot ay ang bilang ng taon ng paninirahan sa barangay. Tiyakin din na ay bilang ay hindi hihigit sa edad ng miyembro ng sambahayan. Ang sagot na "SB" ay tinatanggap na sagot para sa mga miyembro ng sambahayan na doon sa barangay nanirahan simula noong ipanganak at hindi umalis.

Hanay 12 - Dating lugar ng tirahan

Tiyakin kung ang nakatalang sagot ay may pangalan ng **barangay, bayan/lungsod at probinsya**. Kung ang dating tinitirahan ay sa labas ng bansa, tiyakin na nakatala ang pangalan ng bansa.

Kung ang sagot sa hanay 11 ay SB, ang tamang sagot sa hanay 11 ay (—).

PAHINA 3

Hanay 1B - Bilang ng miyembro ng sambahayan

Tiyakin kung ang numero ng denumerong linya na tumutukoy sa bilang ng miyembro ng sambahayan ay may bilog. Ang pagitan ay "1" hanggang "10". Ang bilang ay dapat kapareho sa unang hanay (1A) ng ikalawang pahina ng talatanungan.

D. Edukasyon

KUNG ANG EDAD NG MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN AY MAS MABABA SA 3 TAONG GULANG (TINGNAN ANG HANAY 5), ANG TAMA SAGOT SA HANAY 13-16 AY (—).

Hanay 13 - Tuluyang pag-aaral

Ang dapat na sagot na nakatala ay alinman sa **kodigo "1" (OO)** o **"2" (HINDI)**. Kung ang edad ng miyembro ay mas mababa sa 3 taong gulang (tingnan ang hanay 5), ang sagot sa hanay 14 ay (—).

Hanay 14 - Baitang/antas ng pinag-aaralan

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 13 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay ang kodigo ng baitang/antas na pinag-aaralan ng miyembro ng sambahayan.

Tiyakin din ang baitang/taon ng pinag-aaralan base sa edad na makikita sa Hanay 5.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 13 ay **kodigo "2" (HINDI)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 15 - Uri ng paaralan

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 13 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa **kodigo "1" (Pribado)** o **"2" (Publiko)** na tumutugma sa uri ng paaralan.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 13 ay **kodigo "2" (HINDI)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 16 - Nakamit sa pag-aaral

Tiyakin kung ang kodigo ng grado ay naitala kung ang miyembro ng sambahayan ay nakatapos ng alinmang grado sa mababang paaralan o kodigo ng taon naman kung nakatapos ng alinmang taon sa mataas na paaralan, kolehiyo o *post graduate*. Halimbawa, kung ang miyembro ng sambahayan ay nakatapos ng 3rd year high school, ang tala ay dapat "23". Kung ang sagot na nakatala ay college graduate or post graduate, tiyakin kung may kurso na nakatala (halimbawa, BS Biology, BS Accounting).

Tiyakin ang pinakamataas na antas ng pag-aaral na natapos batay sa edad ng miyembro ng sambahayan (Hanay 5). Kung kasalukuyang nag-aaral ang naturang miyembro, kailangang matiyak ang pagkakaayon ng pinakamataas na antas na pag-aaral batay sa baitang/taon na kanyang pinag-

aaralan (Hanay 14). Para sa mga miyembro ng sambahayan na kasalukuyang nag-aaral, ang pinakamataas na antas na pag-aaral na natapos ay iyong nakumpleto niya noong nakaraang pasukan (halimbawa, kung kasalukuyang nag-aaral ng grade 6 (kodigo "16") ang tala sa hanay 16 ay kodigo 15 (grade 5)..

Para naman sa mga walang natapos na pag-aaral o iyong mga hindi pa nag-aaral, tiyakin na ang sagot na nakatala ay kodigo "0".

KUNG ANG EDAD NG MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN AY MAS MABABA SA 10 TAONG GULANG (TINGNAN ANG HANAY 5), ANG TAMA SAGOT SA HANAY 17-19 AY (—).

Hanay 17 - Karunungan/Kaalaman

Tiyakin na ang mga linya lamang ng miyembro ng sambahayan na may edad na sampung taong pataas ang may nakatala ng alinman sa kodigo "1" (OO) o "2" (HINDI). Para sa mga miyembro ng sambahayan na mababa sa sampung taong gulang, ang dapat na tala ay (—).

Tingnan din ang pagkakaayon ng sagot sa hanay 16 (pinakamataas na antas sa pag-aaral na natapos). Halimbawa, hindi tugma ang mga sagot sa hanay 16 (kodigo 35-college graduate) at ang sagot sa hanay 17 (kodigo "2").

E. Samahang Kinaaaniban

Hanay 18 - Samahang kinaaniban

Ang dapat may sagot ay ang mga miyembro na 10 taong gulang pataas (hanay 5). ang tamang tala ay alinman sa kodigo "1" (Oo) at kodigo "2" (Hindi). Kung ang miyembro ay wala pang 10 taong gulang, ang tamang tala ay (—).

Hanay 19 - Uri ng samahang kinaaniban

Kung ang nakatalang sagot sa Hanay 18 ay kodigo "1" (MAYROOM), ang dapat na nakatala sa hanay na ito ay ang buong pangalan ng samahang kinaaniban. Tiyakin din ang uri ng samahan na mula sa kodigo "1" hanggang "11". Kung ang sagot ay kodigo "11", dapat ay mayroon nakatalang uri ng samahang kinaaniban maliban sa nakalista sa kodigo "1" hanggang "10".

Kung ang nakatalang sagot sa Hanay 18 ay kodigo "2" (WALA), ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay (—).

Kung ang miyembro ng sambahayan ay wala pang 10 taong gulang, ang tala ay dapat (—).

Hanay 20 - Rehistradong botante

Tiyakin na ang mga miyembrong may edad 17 taong gulang pataas ang mga nakatalang sagot sa hanay 20. Ang dapat nakatalang sagot ay alinman sa kodigo "1" (OO) o "2" (HINDI).

Kung ang miyembro ng sambahayan ay wala pang 17 taong gulang, ang tala ay dapat (—).

Hanay 21 - Bumoto noong huling eleksyon

Tiyakin na ang may sagot ay para sa lamang sa mga miyembrong may talang kodigo "1" sa hanay 20. Ang dapat nakatalang sagot ay alinman sa **kodigo "1" (OO)** o **"2" (HINDI)**.

Kung ang miyembro ng sambahayan ay wala pang 17 taong gulang, ang tala ay dapat (—).

Kung ang sagot sa hanay 20 ay kodigo **"2" (Hindi)**, ang tamang sagot ay (—).

F. Nutrisyon

Hanay 22 - Kalagayang pangkalusugan ng mga bata

Ang kaalamang ito ay makukuha sa ulat-pagtitimbang ng mga Barangay Health Workers o Barangay Nutrition Scholars at itatala sa katapusan ng bawat araw na pagse-senso. Dapat tiyakin na nakahanda at nasa kamay na ng superbisor ang updated report ng BHW/BNS habang nagse-senso.

Tiyakin na ang linya lamang ng miyembro na ang edad 0-5 taong gulang ang may tala. Para sa miyembro ng sambahayan na may edad na 6 na taong gulang pataas, ang dapat na nakatala ay (—).

Mula sa Hanay 5, tiyakin ang miyembro ng sambahayan na may edad 0-5 taong gulang. Hanapin ang mga batang natukoy sa listahan ng mga BHW/BNS. Tukuyin ang kalagayang pangkalusugan ng mga bata. Itala ang angkop na **kodigo** sa bawat bata. Ang dapat na sagot na nakatala ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "4"** na tumutukoy sa kalagayang pangkalusugan ng mga bata batay sa rekord ng mga BHW/BNS.

PAHINA 4

Hanay 1C - Bilang at pangalan ng miyembro ng sambahayan

Tiyakin kung ang numerong denumerong linya (**"1" hanggang "10"**) na tumutukoy sa bilang ng miyembro ng sambahayan, ay may bilog. Ang bilang na ito ay dapat kapareho ng sa unang hanay (1A) ng ikalawang pahina ng talatanungan.

Tiyakin din na ang unang pangalan ng lahat ng miyembro ng sambahayan ay nakatala. Tiyakin din na ang pagkakasunod-sunod ng mga pangalan ay katulad ng sa Hanay 2. Dapat ring nakatala kung ang miyembro ay Jr. Sr. II, III.

G. Katangiang Pangkabuhayan

KUNG ANG EDAD NG MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN AY MAS MABABA SA 5 TAONG GULANG (TINGNAN ANG HANAY 5), ANG TAMA SAGOT SA HANAY 23-33 AY (—).

Hanay 23 - Mga kasambahay na may hanapbuhay

Ang dapat na sagot na nakatala ay alinman sa kodigo **"1" (MAYROON)** o **"2" (WALA)**.

Hanay 24 - Pangunahing hanapbuhay ng kasambahay

Kung ang sagot na nakatala sa hanay 23 ay **kodigo "1" (MAYROON)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay ang pangunahing hanapbuhay ng miyembro ng sambahayan. Tiyakin kung ang naitala ay nagbibigay ng partikular na pagsasalarawan ng hanapbuhay ng miyembro ng sambahayan.

Sa ikalawang hanay ng tanong na ito, ang dapat na sagot na nakatala ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "10"**.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 25 - Uri ng industriya

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "1" (MAYROON)**, ang dapat na nakatala sa hanay na ito ay tumutukoy sa negosyo o industriya ng hanapbuhay.

Sa ikalawang hanay ng tanong na ito, ang dapat na sagot na nakatala ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "17"**, na tumutugma sa partikular na negosyo/industriya, na nakatala sa ilalim ng ikaapat na pahina ng talatanungan.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 26 - Katayuan o kalagayan sa hanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "1" (MAYROON)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "3"**, na tumutugma sa katayuan/kalagayan sa hanapbuhay/trabaho na nakatala sa ilalim ng ika-apat na pahina ng talatanungan.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 27 - Uri/Klase ng manggagawa

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "1" (MAYROON)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa kodigo "1" to "7".

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 28 - Naghahanap ng trabaho o hanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa **kodigo "1" (OO)** o **"2" (HINDI)**.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 23 ay **kodigo "1" (MAYROON)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 29 - Mga isinagawang hakbang sa paghahanap ng hanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa kodigo "1" hanggang "6".

Kung ang sagot sa hanay na ito ay 6, tiyakin na may nakasulat na ibang hakbang na isinagawa sa paghahanap ng hanapbuhay.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "2" (HINDI)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 30 - Mga dahilan kung bakit hindi naghanap ng hanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "2" (HINDI)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa kodigo "1" hanggang "9" na tumutugma sa dahilan kung bakit hindi naghanap ng hanapbuhay ang miyembro ng sambahayan, na makikita sa ika-lima na pahina ng talatanungan. Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "9" (Iba pang dahilan)**, tiyakin kung may nakatala na tumutukoy sa dahilan kung bakit hindi naghanap ng hanapbuhay, na hindi kabilang sa mga nailistang pagpipilian.

Kung ang sagot sa hanay na ito ay 9, tiyakin na may nakasulat na dahilan kung bakit hindi naghahanap ng hanapbuhay.

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 31 -Huling beses naghanap ng hanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "2" (HINDI)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa kodigo "1" hanggang "3".

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 32 -Available sa pagtanggap ng hanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "2" (HINDI)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa kodigo "1" (OO) o "2" (HINDI).

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

Hanay 33 -Willing sa paghahanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "2" (HINDI)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa kodigo "1" (OO) o "2" (HINDI).

Kung ang sagot na nakatala sa Hanay 28 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na tala sa hanay na ito ay (—).

PAHINA 5

H. Ibang miyembro ng pamilya

Tanong 34 - Mga ibang miyembro ng pamilya na nasa ibang lugar

Ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" (MAYROOM)** o **"2" (WALA)**.

Tanong 35 - Pangalan ng ibang miyembro ng pamilya na nasa ibang lugar

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 34 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay ang buong pangalan (apelyido, unang pangalan) ng dating kasambahay (halimbawa, Dela Cruz, Juan).

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 34 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 36 - Edad ng ibang miyembro ng pamilya na nasa ibang lugar

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 34 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay tumutukoy sa edad ng kapamilyang nasa ibang lugar. Kung ang edad ay wala pang isang taong gulang, ang tala ay dapat may kasamang salitang "buwan" o "months" o "mo.". Tiyakin din ang pagkakaayon ng mga sagot, halimbawa, ang anak ay 15 taong gulang at ang ama ay 20 taong gulang. Sumangguni sa superbisor sa anumang kaduda-dudang sagot.

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 34 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 37 - Kasarian ng ibang miyembro ng pamilya na nasa ibang lugar

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 34 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" (Lalaki)** o **"2" (Babae)**.

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 34 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 38 - Relasyon sa puno ng sambahayan

Kung ang nakatalang sagot sa Hanay 34 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa **kodigo "2" hanggang "7"**. Kung ang sagot ay **kodigo "7"**, dapat ay mayroon nakatalang relasyon sa puno ng sambahayan maliban sa nakalista sa **kodigo "2" hanggang "6"**.

Kung ang nakatalang sagot sa Hanay 34 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay (—).

Tanong 39 - Dahilan bakit wala sa sambahayan

Kung ang nakatalang sagot sa Hanay 34 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na nakatala sa hanay na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "3"**. Kung ang sagot ay **kodigo "3"**, dapat ay mayroon nakatalang dahilan bakit wala sa sambahayan maliban sa nakalista sa **kodigo "1" at "2"**.

Kung ang nakatalang sagot sa Hanay 34 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na sagot na nakatala sa hanay na ito ay (—).

I. Overseas Filipino Worker

Tanong 40 - Dating kasambahay na OFW

Ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" (Mayroon)** o **kodigo 2 (Wala)**.

Tanong 41 - Pangalan ng OFW

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo "1" (Mayroon)**, tiyakin na mayroong pangalan na nakatala na tumutukoy sa pangalan ng OFW. Ang dapat na tala sa tanong na ito ay ang buong pangalan (apelyido, unang pangalan) ng dating kasambahay na OFW (halimbawa, Dela Cruz, Juan).

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo "2" (Wala)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 42 - Relasyon sa puno ng sambahayan

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo "1" (Mayroon)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa kodigo 2 hanggang 7. Kung ang sagot ay kodigo 7 (Iba pa), tiyakin na na may tala na tumutukoy sa relasyon sa puno ng sambahayan na hindi kabilang sa mga nakalistang pagpipilian.

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo "2" (Wala)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 43 - Bansa kung saan naghahanapbuhay

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo 1 (Mayroon)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay tumutukoy sa pangalan ng bansa kung saan naghahanapbuhay ng dating kasambahay na OFW.

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo "2" (Wala)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 44 - Hanapbuhay ng OFW

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo "1" (Mayroon)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay tumutukoy sa hanapbuhay ng dating kasambahay na OFW.

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 40 ay **kodigo "2" (Wala)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

J. Mga kasambahay na nag-iisang magulang

Tanong 45 - Nag-iisang magulang

Ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" (MAYROOM)** o **"2" (WALA)**.

Tanong 46 - Pangalan ng nag-iisang magulang

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 45 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na nakatala sa tanong na ito ay ang pangalan ng kasambahay na nag-iisang magulang. Tiyakin na ang kanyang pangalan ay kabilang sa listahan ng miyembro ng sambahayan na makikita sa Hanay 2 at 1C.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 45 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na sagot na nakatala ay (—).

Tanong 47 - Dahilan kung bakit nag-iisang magulang

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 45 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "10"**. Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "10" (Iba pang dahilan)**, tiyakin kung may nakatala na tumutukoy sa dahilan kung bakit nag-iisang magulang, na hindi kabilang sa mga nailistang pagpipilian.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 45 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

J. Mga kasambahay na may kapansanan

Tanong 48 - Mga kasambahay na may kapansanan

Ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" (MAYROOM)** o **"2" (WALA)**.

Tanong 49 - Pangalan ng kasambahay na may kapansanan

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ang pangalan ng miyembro ng sambahayan na may kapansanan. Tiyakin na ang nakatalang pangalan ay kabilang sa listahan ng miyembro ng sambahayan na makikita sa Hanay 2 at 1C.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 50 - Uri ng kapansanan

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "20"**. Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "20" (Iba pang dahilan)**, tiyakin kung may nakatala na tumutukoy sa uri ng kapansanan na hindi kabilang sa mga nailistang pagpipilian.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 51 - Sanhi ng kapansanan

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "5"**, na tumutugma sa sanhi ng kapansanan.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 52 - Tulong na natanggap dahil sa kapansanan

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay ang detalye ng tulong na natanggap.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 53 - Pinanggalingan ng tulong

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "1" (MAYROOM)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "3"**, na tumutugma sa pinanggalingan ng tulong para sa taglay na kapansanan. Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "3" (Iba pang dahilan)**, tiyakin kung may nakatala na tumutukoy sa pinanggalingan ng tulong na hindi kabilang sa mga nailistang pagpipilian.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 48 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

PAHINA 6

J. Mga kasambahay na Senior Citizens

Tanong 54 - Pangalan ng kasambahay na may edad 60 taong gulang pataas

Mula sa Hanay 5, tiyakin ang miyembro ng sambahayan na may edad 60 taong gulang pataas. Ilista ang kanilang pangalan sa bilang 54. Kung walang miyembro ng may edad 60 taong gulang pataas, ang dapat nakatala dito ay (—).

Tanong 55 - Kasambahay na may senior citizen's ID

Kung may pangalan na nakatala sa bilang 54, ang dapat nakatala sa tanong na ito alinman sa **kodigo "1" (MAYROOM)** o **"2" (WALA)**. Kung walang miyembro ng may edad 60 taong gulang pataas, ang dapat nakatala dito ay (—).

Tanong 56 - Pinaggagamitan ng senior citizen's ID

Kung may pangalan na nakatala sa Tanong 54, ang dapat nakatala sa tanong na ito ay tumutukoy kung saan nagagamit ang "senior citizen's" ID. Kung walang miyembro ng may edad 60 taong gulang pataas, ang dapat nakatala dito ay (—).

J. Mga kasambahay na nakapasa sa board o bar exam

Tanong 57 - Mga kasambahay na nakapasa sa board exam

Ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" (MAYROON)** o **"2" (WALA)**.

Tanong 58 - Pangalan ng nakapasa sa board/bar exam

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 57 ay **kodigo "1" (MAYROON)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay ang pangalan ng miyembro ng sambahayan na nakapasa sa board/bar exam. Tiyakin na ang nakatalang pangalan ay kabilang sa listahan ng miyembro ng sambahayan na makikita sa Hanay 2 at 1C.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 57 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 59 - Pangalan ng naipasang propesyon

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 57 ay **kodigo "1" (MAYROON)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay ang buong pangalan ng propesyon na naipasa sa board/bar exam

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 57 ay **kodigo "2" (WALA)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay (—).

K. Kalusugan

Tanong 60 - Pagpapagamot upang malunasan ang sakit

Ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "3"**.

Tanong 61 - Saan nagpapagamot

Kung sagot na nakatala sa tanong 60 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "9"**. Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "9" (Iba pang dahilan)**, tiyakin kung may nakatala na tumutukoy sa uri ng pagamutan na hindi kabilang sa mga nakalistang pagpipilian.

Kung ang sagot na nakatala sa Tanong 60 ay **kodigo "2" (HINDI)** o **"3" (HINDI NAGKASAKIT)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

Tanong 62 - Bilang ng mag-asawa

Tiyakin kung ang bilang ("**1" hanggang "2"**) na tumutukoy sa bilang ng miyembro ng sambahayan na mag-asawa, ay may bilog. Tingnan din ang hanay 3 at 7 kung mayroong mag-asawa sa sambahayan.

Tanong 63 - Pangalan ng mag-asawa

Kung mayroong mag-asawa sa sambahayan, ang tanong na ito ay dapat may tala na tumutukoy sa pangalan ng mag-asawa (babae at lalaki).

Tanong 64 - Pagplano ng pamilya

Kung mayroong bilog ang mga numero sa hanay 62, dapat may sagot na nakatala sa tanong na ito-alinman sa **kodigo "1" hanggang o "3"**.

Tanong 65 - Paraan ng pagpapalano ng pamilya

Kung sagot na nakatala sa tanong 64 ay **kodigo "1" (OO)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" hanggang "13"**. Kung ang sagot na nakatala ay **kodigo "13" (Ibapa)**, tiyakin kung may nakatala na tumutukoy sa uri ng pagamutan na hindi kabilang sa mga nakalistang pagpipilian.

Kung ang sagot na nakatala sa tanong 64 ay **kodigo "2" (HINDI) o "3" (HINDI ALAM)**, ang dapat na tala sa tanong na ito ay (—).

L. Mga dating kasambahay

Tanong 66 - Mga dating kasambahay na namatay

Ang dapat na sagot na nakatala sa tanong na ito ay alinman sa **kodigo "1" (MAYROOM) o "2" (WALA)**.

Tanong 67 - Pangalan ng namatay na kasambahay

